



## Mahal na Religious Leaders sa Komunidad

Ihinahatid ko sa inyo ang mensaheng ito upang pasalamat kayo sa inyong mga pagsisikap upang tulungan ang Canada na i-delay ang pagkalat ng COVID-19 sa ating mga komunidad. Sa mga nakaraang linggo ay nakita natin ang tumataas na bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa Canada. Upang bawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga komunidad sa buong bansa, hiniling ng mga pamahalaan at ng health officials na mag-social distancing ang publiko. Ibig sabihin nito ay dapat manatili sa tahanan, iwasan ang maraming tao, at iwasang gawin ang mga karaniwang pagbati, tulad ng handshakes. Ito ang isa sa mga pinakamabisang paraan upang bawasan ang pagkalat ng sakit kapag may outbreak.

Hinihiling ko kayo na sundin ang payo ng inyong local, provincial, at territorial public health authorities hinggil sa social distancing at mga restriksyon sa mass gatherings o malalaking pagpupulong; malamang na kasama rito ang pansamantalang pagtigil ng lahat ng mga regular na serbisyo.

Ang ibig sabihin ng social distancing ay ang paglagay ng dalawang metrong distansya sa paligid natin mula sa iba—dahil ang infected droplets mula sa pag-ubo o pagbahing ay maaaring kumalat sa loob ng dalawang metro. Ang social distancing lamang ang makapagbibigay-proteksyon sa ating mga komunidad, kabilang ang mga matatanda at ang Canadians na mahihina at may mga medikal na kondisyon, na siyang pinaka-nanganganib na magkaroon ng malubhang sakit.

Maaaring gamitin ng mga miyembro ng komunidad ang pagkakataong ito upang mag-host ng small gatherings o maliliit na grupo ng mga tao sa kanilang mga tahanan, apartment, at multipurpose rooms. Hinihimok ko kayong gamitin ang inyong tungkulin, bilang pinuno, na pigilan ang mga ganitong pagpupulong upang protektahan ang kaligtasan at kalusugan ng mga miyembro ng inyong kongregasyon at ng komunidad.

Alam ko na mahirap ito gawin. Walang-katiyakan ang kasalukuyang panahon, at mahirap ito para sa maraming tao sa inyong komunidad. Malamang na nais nila humingi ng suporta mula sa kanilang relihiyon. Hinihiling ko kayo na ipagpatuloy ang inyong pamumuno, at hikayatin ang lahat ng inyong mga miyembro sa komunidad na manatili sa tahanan. Nagagalak ako kapag naririnig ko ang iba't-ibang mga kuwento ng religious leaders sa buong Canada, na nag-imbento ng mga alternatibong opsyon upang makipagkomunika sa kanilang mga komunidad, halimbawa, pag-alok ng services online, at paggamit ng social media. Nais kong makakita ng iba pang mga halimbawa nito habang sama-sama nating lahat pinagsisikapang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa community level.

Matutugunan lamang natin ang challenge ng COVID-19 na hinaharap ng ating bansa sa tulong ng inyong suporta at pamumuno.





Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtugon ng Canada sa COVID-19, pati na kung saan makakakuha ng impormasyon at mga dokumentong nagbibigay-patnubay, bisitahin ang [Canada.ca/coronavirus](https://Canada.ca/coronavirus).

Sumasainyo at lubos na nagpapasalamat,  
Dr. Theresa Tam, Chief Public Health Officer of Canada



Public Health  
Agency of Canada

Agence de la santé  
publique du Canada

Canada